## APPLICATION

- Ano o sino ang iyong hinahangad nang higit pa sa anumang bagay? Ano ang maaari mong gawin upang hangarin ang Diyos nang higit pa sa anumang bagay sa iyong pang-araw-araw na buhay?
- Ikaw ba ay may lugar at oras para sa pagbabasa ng Bibliya? Paano mo magagawang unahin ang pagbabasa ng Bibliya araw-araw, simula sa araw na ito?
- Paano magiging isang halimbawa ng pagbibigay parangal sa Diyos ang iyong buhay? Kanino ka maaaring maging isang halimbawa, at kanino mo maibabahagi ang Salita ng Diyos ngayong linggo?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa Kanyang Salita at kung paano Niya ipinakikilala ang Kanyang sarili sa atin.
- Ipanalangin na iyong hahangarin ang Diyos nang higit pa sa anumang bagay, araw-araw. Ipanalangin na lagi mong itatakda ang iyong puso at isipan sa mga bagay na galing sa Diyos.
- Hingin sa Diyos na ipakita sa iyo ang mga bagay na umaagaw ng Kanyang dapat kalagyan sa iyong buhay, at hingin sa Kanya ang kakayanan upang ito ay pagtagumpayan. Ipanalangin na ang iyong buhay ay maging isang halimbawa sa maraming tao.

VICTORY

© 2015 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot
mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.
victory.org.ph



# Diyos-diyosan

## NOTES

## WARM-UP

- Ano ang pipiliin mo, ang maging mayaman o ang maging sikat? Bakit ito ang iyong pipiliin?
- Ano ang iyong paboritong libangan? Bakit mo ito ikinatutuwang gawin?
- Sino ang taong iyong hinahangaan noong ikaw ay bata pa? Ano ang pinakahinangaan mong katangian niya?

**WORD** *At anuman ang ginagawa ninyo, sa salita man o sa gawa, gawin niyo ang lahat bilang mananampalataya sa Panginoong Jesus, at magpasalamat kayo sa Diyos Ama sa pamamagitan niya.* **MGA TAGA-COLOSAS 3:17**

---

Sa kanyang pagsulat ng aklat ng Mga Taga-Colosas, ang Apostol Pablo ay naghayag ng panuntunan sa mga unang Kristiyano, na nagbigay sa kanila ng kaibahan ng maka-Diyos na pamumuhay at ng makamundong pamumuhay. Ito ay may kaugnayan sa mga pagsubok na ating kinakaharap bilang mga mananampalataya sa kasalukuyang panahon—ang mga bagay gaya ng ating trabaho, mga relasyon, edukasyon, tungkulin, at libangan ay may kakayanan na agawin ang nararapat na kinalalagyan ng Diyos sa ating buhay. Sa araling ito, ating matututunan kung paano unahin ang Diyos at mamuhay sa paraang makapagbibigay sa Kanya ng karangalan at pagsamba.

## 1 Hangaring makamit ang Diyos nang higit pa sa anumang bagay.

*[1]Binuhay nga kayong muli kasama ni Kristo, kaya sikapin ninyong makamtan ang mga bagay na nasa langit kung saan naroon si Kristo na nakaupo sa kanan ng Diyos. [2]Doon ninyo ituon ang isip ninyo, at hindi sa mga makamundong bagay.* **MGA TAGA-COLOSAS 3:1,2**

Sa ating pagtanggap kay Jesus bilang ating Panginoon at Tagapagligtas, Siya ang dapat na una nating hinahangad sa lahat ng ating mga ginagawa. Hindi lamang ito nangangahulugan ng pagpunta sa simbahan tuwing Linggo o kaya ay pagdalo sa Victory Group linggo-linggo, kundi ang pamumuhay sa araw-araw sa paraang nakapagbibigay parangal sa Kanya at ang sumunod sa lahat ng Kanyang ipinag-uutos. Ito ay nagsisimula sa desisyon na itakda sa ating mga puso at isipan na ating hahangaring makamit ang Diyos. Ang isa sa mga pangunahing paraan upang makamtan ang Diyos ay sa pamamagitan ng pagbabasa ng Bibliya araw-araw, at ng pagsasapamuhay ng ating mga mababasa dito. Ano ang ipinangako ng Diyos sa lahat ng mga tao na naghahangad na makilala Siya? (Jeremias 29:13)

.......................................................................

.......................................................................

## 2 Talikuran ang anumang bagay na aagaw sa lugar ng Diyos.

*Kaya patayin ninyo ang anumang kamundahang nasa inyo: ang sekswal na imoralidad, kalaswaan, pagnanasa, at kasakiman na katumbas na rin ng pagsamba sa mga diyos-diyosan.* **MGA TAGA-COLOSAS 3:5**

Ang "idolatry" o pagkakaroon ng diyos-diyosan ay paglagay ng anuman o sinuman nang higit pa sa Diyos sa ating buhay. Ang anumang bagay na ating itatalaga sa ating buhay, na wala sa Diyos, ay maaring humantong sa *idolatry*. Tinawag tayo ng Diyos na maging mapagmatyag, at na manalangin laban sa mga bagay na maaaring magdala sa atin palayo sa Diyos. Dapat tayong gumawa ng desisyon na iwasan ang mga makasalanang kinagawian, at sa halip ay lumapit sa Diyos. Ano ang ipinagako ng Diyos na Kanyang gagawin kung tayo ay magtatapat ng ating mga kasalanan sa Kanya? (I Juan 1:9)

.......................................................................

.......................................................................

## 3 Purihin ang Diyos sa pamamagitan ng iyong buhay.

*At anuman ang ginagawa ninyo, sa salita man o sa gawa, gawin ninyo ang lahat bilang mananampalataya sa Panginoong Jesus, at magpasalamat kayo sa Diyos Ama sa pamamagitan niya.* **MGA TAGA-COLOSAS 3:17**

Dahil tayo ay nagdadala ng pangalan ng Diyos, tayo ay tinawag na mamuhay sa paraang nakalulugod sa Kanya. Ang ating mga salita at gawa ay dapat na maging patunay sa isang buhay na tapat sa Kanya at nagbibigay kaluwalhatian sa Kanyang pangalan. Hindi sapat na ating tinatawag ang ating mga sarili na mga Kristiyano—ang ating mga buhay ay dapat na nagbibigay katotohanan sa ating mga salita. Paano natin mabibigyan ng luwalhati ang Diyos sa pamamagitan ng ating mga *salita* at *gawa*?

.......................................................................

.......................................................................